

KAHILINGAN SA MAKATARUNGANG PAGDINIG
DS 1805 (Binago 11/06)

Pahina 1 ng 2

Pangalan ng Tao para Kanino Hiningi ang Pagdinig (May-kahilingan)	Petsa ng Kapanganakan	Kasali sa Medicaid Home and Community Based Services Waiver? (I-tsek ang isa) <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi
Direksiyon/Tirahan		Pang-araw na Numero ng Telepono

Pangalan ng Pampook na Sentro o Sentrong Pangkaunlaran ng Estado:

Itatakda ang isang pang-estadong makatarungang pagdinig. Upang lutasin ang suliraning ito bago sumapit ang isang makatarungang pagdinig, ako ay humihiling din ng mga sumusunod: (Lagyan ng tsek ang lahat na umiiral)

- Isang impormal na pagkikita sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado , o ang kanyang taong itinalaga.
- Pamamagitan ng isang walang pagkiling at nagsasariling tagapamagitan na tutulong magsaayos ng isang kasunduan.

(Mga) dahilan ng paghiling ng isang makatarungang pagdinig:

Isalarawan ang mga kinakailangan upang malutas ang iyong reklamo:

Pangalan ng Humihiling Kung Hindi Siya ang May-kahilingan	Kaugnayan sa May-Kahilingan
Direksiyon/Tirahan	Pang-araw na Numero ng Telepono

Pirma
ng Humihiling ➤ _____ Petsa ng Kahilingan _____

Kinakailangan ba ang mga serbisyo ng isang tagasalin? Hindi Oo Kung oo, anong wika _____

PERMISO NG KINATAWAN

Binibigyan ko ng kapangyarihan ang sumusunod na tao (Pangalan) _____

(Direksiyon/Tirahan) _____ (Pang-araw na Numero ng Telepono.) _____

na katawanin ako, ang may-kahilingan, sa kasong ito.

Pirma ng May-kahilingan
Pampook na Lupon ➤ _____ Petsa _____

MGA PETSANG HINDI KA HANDA

Ako ay hindi handa sa mga sumusunod na oras o araw. (Sa pagtiyak mo ng mga oras/araw kung kailan hindi ka handa, mangyaring tandaan na gaganapin ang isang impormal na pagkikita sa loob ng 10 araw, ang pamamagitan sa loob ng 30 araw, at ang makatarungang pagdinig sa loob ng 50 araw matapos matanggap ang iyong kahilingan.)

Pirma ng May-Kahilingan o
Awtorisadong Kinatawan ➤ _____

(Ilakip ang kopya ng Paunawa ng Iminungkahing Aksiyon. Tingnan ang pahina 2 para sa Mga Karapatan sa Pag-apela at Mga Alituntunin)

MGA KARAPATAN SA PAG-APELA

1. Maaari kang magkaroon ng isang tao o ahensiya na ihinirang ng Pampook na Lupon (Local Area Board) bilang iyong kinatawan na tutulong sa iyo sa proseso ng makatarungang pagdinig.
2. May karapatan kang makatanggap ng isang makatarungang pagdinig.
3. May karapatan kang dumalo sa lahat ng mga pagdinig at magharap ng isinulat at ibinibigkas na katibayan.
4. May karapatan kang salungatin at tanungin nang masinsinan ang mga testigo.
5. May karapatan kang sariling dumalo nang kasama ang isang tagapayo o iba pang mga kinatawan na iyong sariling pinili.
6. Ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay may karapatang gamitin at suriin ang mga kasulatan bago sumapit ang anumang pagkikita o pagdinig.
7. May karapatan kang gumamit ng isang tagasalin.
8. May karapatan kang makatanggap ng impormasyon ukol sa pagkamayroon ng tulong sa pagtataguyod, kasama ang pagsangguni ng tagapagtaguyod ng mga karapatan ng kliyente, pampook na lupon, mga serbisyong pambatas na pinopondohan ng taong-bayan, mga korporasyon, at mga ibang kapisanan ng tagapagtaguyod na pinopondohan nang privado o ng taong-bayan, kasama ang sistema ng pagkalinga at tagapagtaguyod na inaatang ng Public Law Act 95-602.
9. May karapatan kang makatanggap ng isang impormal na pagkikita sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado o sa taong itinalaga ng patnugot sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang pormularyo ng kahilingan sa pagdinig ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado. Ang pagbibigay-alam, ng nakasulat, ng iminungkahing petsa, oras at lugar para sa isang impormal na pagkikita ay ilalabas ng patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado o ang taong itinalaga ng patnugot.
10. May karapatan kang humiling ng kusang-loob na pamamagitan bago sumapit ang isang makatarungang pagdinig.
11. **May karapatan kang tuwirang magpatuloy sa isang makatarungang pagdinig nang hindi sumasali sa isang impormal na pagkikita o kusang-loob na pamamagitan.**

MGA ALITUNTUNIN

1. Kung ikaw, o ang iyong awtorisadong kinatawan, ay hindi nasisiyahan sa anumang pasiya o aksiyon ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, na sa palagay mo o ng iyong awtorisadong kinatawan ay labag sa batas, pinakitunguhan nang may pagkiling, o hindi nababagay sa iyong kabutihan, maaari mo o ng iyong awtorisadong kinatawan gamitin ang pormularyong ito upang humiling ng isang makatarungang pagdinig, kasama ang isang impormal na pagkikita sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, o ang kanyang taong itinalaga, at/o isang komperensiya ng pamamagitan, kung ninanais.
2. Sa loob ng 30 araw matapos ipagbigay-alam ang pasiya o aksiyon na nirekreklamuhan, dapat iharap ang pormularyo ng kahilingan sa patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado na may pananagutan sa aksiyon. Magpapadala ng fax ang pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado ng iyong kahilingan para sa makatarungang pagdinig sa kagawaran at sa patnugot ng Office of Administrative Hearings, o ang kanyang taong itinalaga, sa loob ng limang araw ng trabaho matapos matanggap ang kahilingan ng patnugot ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado.
3. Kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo at ang dahilan ng pag-apela ay ang pagbabawas o pagtanggap ng mga serbisyo ng pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado, dapat mong ibalik ang pormularyong ito sa pampook na sentro o sentrong pangkaunlaran ng estado sa loob ng 10 araw matapos matanggap ang paunawa ng iminungkahing aksiyon upang patuloy mong matatanggap ang mga serbisyong ito habang nangyayari ang proseso ng makatarungang pagdinig.
4. Kung wala kang awtorisadong kinatawan, o hindi mo nais magkaroon nito, huwag kumpletuhin ang bahagi ng pormularyong ito.
5. Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng isang tagasalin, mangyaring i-tsek ang nararapat na kahon at ipaliwanag ang iyong pangangailangan sa tagasalin.
6. Kung may isang tiyak na oras at/o araw na hindi ka handa, mahalaga na tiyakin mo ang oras o araw sa espasyong ibinigay sa pormularyong ito. Ito ay para sa iyong kapakanan, upang maitalaga ang isang oras at araw na nababagay sa iyo para sa iyong impormal na pagkikita, komperensiya ng pamamagitan at/o makatarungang pagdinig.
7. **Kung kailangan mo ng tulong kumpletuhin ang pormularyong ito, sangguniin ang iyong nagsasaayos ng serbisyo o ang Tagapagtaguyod ng mga Karapatan ng Kliyente.**